

## MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA PAGBABAKUNA SA BAITANG 7

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Nagbibigay ang Pampublikong Kalusugan (Public Health) ng libreng pagbabakuna sa mga mag-aaral ng Baitang 7 sa mga paaralan sa taglagas at sa tagsibol.

Inaalok ang mga mag-aaral sa baitang 7 ng tatlong mahahalagang mga bakuna na makakatulong upang maprotektahan sila mula sa:

- **Meningococcal na sakit** (nagiging sanhi ng meningitis) *\*kinakailangan para sa pagpasok sa paaralan*
- **Hepatitis B** (nagiging sanhi ng pinsala sa atay at kanser sa atay)
- **Human Papillomavirus (HPV)**; nagiging sanhi ng mga sugat bago ng kanser, kanser sa bibig, ari at puwet; at mga kulugo sa ari)

Lubos kong inirerekumenda na pabakunahan mo ang iyong anak laban sa mga sakit na ito. Ang mga bakunang ito ay ligtas at epektibo at lubos na binabawasan ang panganib ng mga potensyal na nagbabanta-sa-buhay na mga sakit kapag natanggap ang isang nakumpletong serye.

Hinihiling ko sa iyo na:

- Repasuhin ang impormasyon ng bakuna sa [wdgpublichealth.ca/immunizegr7](http://wdgpublichealth.ca/immunizegr7)
- Kumpletuhin ang pormularyo ng pahintulot sa online para sa iyong anak sa lalong madaling panahon sa [wdgpublichealth.ca/gr7consent](http://wdgpublichealth.ca/gr7consent)

Kung ang iyong anak ay nakatanggap na ng isa o higit pa sa mga bakuna na nakalista sa itaas, mangyaring kumpletuhin ang pormularyo ng pahintulot at ipahiwatig ang mga petsa ng mga pagbabakuna sa pormularyo. Babakunahan lamang ng isang nars ng pampublikong kalusugan ang iyong anak kung kinakailangan pa rin ang bakuna.

Nais ng Pampublikong Kalusugan (Public Health) na ang pagbabakuna sa paaralan ay maging isang positibong karanasan para sa mga mag-aaral. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa programang ito o nangangailangan ng tulong sa pagkumpleto ng pormularyo ng pahintulot, mangyaring makipag-ugnay sa Pampublikong Kalusugan ng Wellington-Dufferin-Guelph (Wellington-Dufferin-Guelph Public Health) sa 1-800-265-7293 ext. 7006 upang makipag-usap sa isang nars ng pampublikong kalusugan.

Matapat,

**Dr. Matthew Tenenbaum, MD, CCFP, MPH, FRCPC**

**Kasamang Medikal na Opisyal ng Kalusugan**

# Bakuna sa Hepatitis B

**Nagpoprotekta laban sa hepatitis B na virus.**

## Ano ang hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay isang virus na nagdudulot ng malubhang mga impeksyon sa atay at maaaring humantong sa permanenteng pinsala sa atay, cirrhosis at/o kanser sa atay. Ang Hepatitis B ay ang nangungunang sanhi ng kanser sa atay sa Canada.

Ang Hepatitis B ay kumakalat sa pamamagitan ng kontak sa dugo at mga likido ng katawan mula sa isang nahawaang indibidwal. Maaari itong maikalat sa pamamagitan ng sekswal na aktibidad, pagbabahagi ng karayom, paggamit ng mga kontaminadong kagamitan para sa pagtatatu at pagbubutas, at pagbabahagi ng mga sipilyo o mga talim ng labaha. Maaari rin itong maipasa mula sa ina patungo sa sanggol sa panahon ng panganganak.

## Bakit magpabakuna?

Ang pagbabakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ka at ang iyong pamilya laban sa malubhang mga sakit. Ang bakunang ito ay pinakamabisa kapag ibinigay bago ang pagkakalantad sa sakit.

Walang lunas para sa hepatitis B. Gayundin, ang isa sa 10 mga tao na nahawahan ng virus ay dadalhin ito habang sila ay nabubuhay. Ang mga taong ito ay malimit na walang mga sintomas at maaaring maikalat ito sa iba.

Kapag ang bakuna ay ibinigay sa inirekumendang bilang ng mga dosis, pinoprotektahan nito ang 98 porsyento ng mga tao.

## Sino ang karapat-dapat na mabakunahan?

Ang bakuna ay regular na inaalok sa mga mag-aaral sa baitang 7 na may natitirang pagiging karapat-dapat

hanggang sa katapusan ng baitang 12. Ang bakunang ito ay ibinigay sa mga mag-aaral na 11 hanggang 15 taong gulang bilang isang serye ng dalawang dosis, 4 hanggang 6 na buwan ang pagitan. Ang mga mag-aaral na 16 na taong gulang at mas matanda, na nagsisimula o nagkukumpleto ng kanilang serye ng bakuna ay kakailanganin ang tatlong dosis ng bakuna.

Ang bakuna sa Hepatitis B ay binibigay din ng libre sa mga sanggol, mga bata at mga nasa hustong gulang na may mataas na peligro. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat, tingnan ang Talahanayan 3 ng [Iskedyul ng Pampublikong Pinondohang Pagbabakuna para sa Ontario](#).

Inirerekomenda ang bakunang ito, ngunit hindi ibinibigay ng libre, para sa mga may panganib sa trabaho; mga nabubuhay, naglalakbay o mayroong isang medikal na pamamaraan/pangangalaga sa isang bansa na may mataas na antas ng hepatitis B; at para sa sinumang nais na bawasan ang kanilang panganib ng hepatitis B.

Tandaan: Hindi inirerekomenda ang mga rutinang pampalakas (booster) kung nakumpleto ang isang serye ng bakuna.

### Sino ang hindi dapat makakuha ng bakuna?

- Sinuman na may matinding alerhiyang reaksiyon sa anumang bahagi ng bakuna o lalagyan nito.
- Sinumang nagkaroon ng malubhang alerhiyang reaksiyon sa bakuna na ito noong nakaraan.
- Sinumang may mataas na lagnat o malubhang impeksyon na mas malala kaysa sa isang sipon.
- Sinumang nakumpleto ang isang hepatitis B o kumbinasyon ng serye ng bakuna na naglalaman ng hepatitis B (Twinrix®, Infanrix Hexa®).

Kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o may isang kasaysayan ng Guillain-Barre Syndrome (GBS) sa loob ng anim na linggo ng isang nakaraang bakuna, mangyaring makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagkuha ng bakunang ito.

## Ano ang aasahan pagkatapos ng pagbabakuna?

Ang bakuna sa Hepatitis B ay ligtas at mahusay na napapahintulutan. Ang mga hindi kanais-nais na epekto, kung mangyari ito, ay karaniwang banayad at nawawala sa loob ng mga ilang araw.

Kasama sa mga karaniwang epekto ang pamumula, pamamaga at/o pagsakit sa lugar ng iniksyon.

Ang pagsakit ng ulo, lagnat, pagkapagod, pagkahilo, pagkaduwal at pagsakit ng kalamnan ay maaari ring mangyari, ngunit hindi gaanong karaniwan.

Ang mga malubhang alerhiyang reaksiyon (hal. anaphylaxis), bagaman bihira, ay isang panganib sa pangangasiwa ng anumang bakuna. Inirerekomenda na manatili ka sa isang kapaligiran ng klinika sa loob ng 15 minuto pagkatapos ng pagbabakuna dahil ito ang pinakakaraniwang tagal ng panahon kapag magaganap ang anaphylaxis

## Manatiling napapanahon sa iyong mga pagbabakuna

Tiyakin na binago ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong personal na talaan ng pagbabakuna (dilaw na kard) pagkatapos mong makatanggap ng isang bakuna. Panatilihin ang iyong mga tala sa isang ligtas na lugar. Kung ang iyong anak ay dumadalo sa lisensyadong pangangalaga sa bata o paaralan, mangyaring ipagbigay-alam sa Pampublikong Kalusugan (Public Health) kapag ibinigay ang isang bakuna. Maaari mong iulat ang mga bakuna sa isa sa sumusunod na mga paraan:

- **Sa online:** Ang Pakikipag-ugnay sa Pagbabakuna ng Ontario [Immunization Connect Ontario (ICON)] na kagamitan na makukuha sa [immunizewdg.ca](http://immunizewdg.ca) ay nagpapahintulot sa iyo na mag-ulat at makita ang tala sa pagbabakuna ng iyong anak.
- **Email:** [vaccine.records@wdgpublichealth.ca](mailto:vaccine.records@wdgpublichealth.ca)
- **Telepono:** 1-800-265-7293 ext. 4396.
- **Fax:** 1-519-836-2986

**Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:**

- Pampublikong Kalusugan ng Wellington-Dufferin-Guelph (Wellington-Dufferin-Guelph Public Health): [wdgpublichealth.ca](http://wdgpublichealth.ca)
- Ministeryo ng Kalusugan ng Ontario (Ontario Ministry of Health): [www.ontario.ca/page/vaccines](http://www.ontario.ca/page/vaccines)
- Immunize Canada: [www.immunize.ca](http://www.immunize.ca)
- Mga Iskedyul ng Pampublikong Pinondohang Pagbabakuna para sa Ontario

# Human Papillomavirus Bakuna (HPV-9)

**Nagpoprotekta laban sa siyam na uring HPV - 6, 11, 16, 18, 31, 33, 45, 52, at 58.**

## Ano ang HPV?

Ang HPV ay isang pangkaraniwang virus na nagdudulot ng kanser sa serbiks, vulvar, ari ng babae, puwit, ulo, leeg, ari ng lalaki at maaari ring maging sanhi ng mga kulugo sa ari. Ito ay kumakalat sa pamamagitan ng sekswal na pakikipagkontak, alinman sa pakikipagtalik o sekswal na paghipo. Sa walang pagbabakuna, ang karamihan sa mga tao ay makakakuha ng HPV sa kanilang buhay. Kadalasan, ang isang impeksyon sa HPV ay nawawala nang mag-isa. Para sa ilang mga tao ang HPV ay hindi mawawala, na nagiging sanhi ng mga kanser na may kaugnayan sa HPV o mga kulugo sa ari. Ang karamihan sa mga taong nahawahan ng HPV ay hindi nagpapakita ng anumang mga palatandaan o mga sintomas at maaaring maipasa ang virus sa iba nang hindi alam ito.

## Bakit magpabakuna?

Ang pagbabakuna ay ang pinakamahasag na paraan upang maprotektahan ka at ang iyong pamilya laban sa malubhang mga sakit. Ang bakuna na ito ay pinakamabisa kapag ibinigay bago ang pagkakalantad sa sakit.

Sa isang nakumpletong serye, ang bakuna sa HPV-9 ay napatunayan na nakakapigil ng mga pinakakaraniwang uri ng impeksyon sa HPV na may kaugnayan sa:

- Higit sa 90% ng mga kanser sa serbiks
- Halos 80 hanggang 90% ng mga kanser sa puwit
- 40% ng mga kanser sa ari ng babae at vulva (vaginal at vulvar na kanser)
- 40 hanggang 50% ng mga kanser sa ari ng lalaki (penile cancer)

- 25 hanggang 35% ng mga kanser sa bibig at lalamunan (oral at oropharyngeal na mga kanser)
- Higit sa 90% ng mga kulugo sa ari

Kahit na may pagbabakuna ng HPV, mahalaga na masuri para sa servikal, vulvar, pampuki (vaginal), pampuwit (anal), pangtiti (penile) at ilang mga kanser sa ulo at leeg. Ang mga kababaihan ay dapat pa ring makakuha ng mga regular na pagsusuri sa kanser sa serbiks.

## Sino ang karapat-dapat na mabakunahan?

Ang bakuna ay regular na inaalok sa mga mag-aaral sa baitang 7 na may natitirang pagiging karapat-dapat hanggang sa katapusan ng baitang 12.

Inirerekomenda din ito para sa mga babaeng 9 hanggang 45 taong gulang, at mga lalaking 9 hanggang 26 na taong gulang, at sa mga 27 taong gulang pataas na may patuloy na panganiib.

Ang bakunang ito ay ibinigay bilang isang serye ng dalawang mga dosis, 6 na buwan ang pagitan, para sa 9 hanggang 14 na taong gulang at ibinigay bilang isang serye ng tatlong mga dosis, sa loob ng 6 na buwan (0,2,6), para sa 15 taong gulang at mas matanda.

Ang mga taong may mahinang sistema ng panlaban sa sakit ay dapat ding makakuha ng tatlong mga dosis kabilang ang 9 hanggang 14 na taong gulang.

## Sino ang hindi dapat makakuha ng bakuna?

- Sinuman na may matinding alerhiyang reaksyon sa anumang bahagi ng bakuna o lalagyan nito.
- Sinumang nagkaroon ng malubhang alerhiyang reaksyon sa bakuna na ito noong nakaraan.

- Sinumang may mataas na lagnat o malubhang impeksyon na mas malala kaysa sa isang sipon.

Kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o may isang kasaysayan ng Guillain-Barre Syndrome (GBS) sa loob ng anim na linggo ng isang nakaraang bakuna, mangyaring makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagkuha ng bakunang ito.

### Ano ang aasahan pagkatapos ng pagbabakuna?

Ang HPV-9 vaccine ay ligtas at mahusay na napapahintulutan.

Ang mga hindi kanais-nais na epekto, kung mangyari ito, ay karaniwang banayad at nawawala sa loob ng mga ilang araw. Kasama sa mga karaniwang epekto ang pamumula, pamamaga at/o pagsakit sa lugar ng iniksyon.

Ang pagsakit ng ulo, lagnat, pagkapagod, pagkahilo, pagkaduwal at pagsakit ng kalamnan ay maaari ring mangyari, ngunit hindi gaanong karaniwan.

Ang mga malubhang alerhiyang reaksiyon (hal. anaphylaxis), bagaman bihira, ay isang panganib sa pangangasiwa ng anumang bakuna. Inirerekomenda na manatili ka sa isang kapaligiran ng klinika sa loob ng 15 minuto kasunod ng pagbabakuna dahil ito ang pinakakaraniwang tagal ng panahon kapag magaganap ang anaphylaxis

### Manatiling napapanahon sa iyong mga pagbabakuna

Tiyakin na binago ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong personal na talaan ng pagbabakuna (dilaw na kard) pagkatapos mong makatanggap ng isang bakuna. Panatilihin ang

iyong mga tala sa isang ligtas na lugar.

Kung ang iyong anak ay dumadalo sa lisensyadong pangangalaga sa bata o paaralan, mangyaring ipagbigay-alam sa Pampublikong Kalusugan (Public Health) kapag ibinigay ang isang bakuna. Maaari mong iulat ang mga bakuna sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa online:** Ang Pakikipag-ugnay sa Pagbabakuna ng Ontario [Immunization Connect Ontario (ICON)] na kagamitan na makukuha sa [immunizewdg.ca](http://immunizewdg.ca) ay nagpapahintulot sa iyo na mag-ulat at makita ang tala sa pagbabakuna ng iyong anak.
- **Email:** [vaccine.records@wdgpublichealth.ca](mailto:vaccine.records@wdgpublichealth.ca)
- **Telepono:** 1-800-265-7293 ext. 4396.
- **Fax:** 1-519-836-2986

### Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:

- Pampublikong Kalusugan ng Wellington-Dufferin-Guelph (Wellington-Dufferin-Guelph Public Health): [wdgpublichealth.ca](http://wdgpublichealth.ca)
- Ministryo ng Kalusugan ng Ontario (Ontario Ministry of Health): [www.ontario.ca/page/vaccines](http://www.ontario.ca/page/vaccines)
- Immunize Canada: [www.immunize.ca](http://www.immunize.ca)
- Mga Iskedyul ng Pampublikong Pinondohang Pagbabakuna para sa Ontario: [www.health.gov.on.ca/en/pro/programs/immunization/schedule.aspx](http://www.health.gov.on.ca/en/pro/programs/immunization/schedule.aspx)



# Meningococcal na Bakuna (Men-C-ACYW-135)

**Nagpoprotekta laban sa sumasalakay na meningococcal na sakit na sanhi ng mga serogrupong A, C, Y, at W-135.**

## Ano ang meningococcal na sakit?

Ang meningococcal na sakit ay isang impeksyon na dulot ng bakteryang *Neisseria meningitidis*. Mayroong limang karaniwang mga uri na nagdudulot ng malubhang sakit: A, B, C, Y at W-135. Ang mga bakteryang ito ay maaaring maging sanhi ng meningitis, isang impeksyon sa lining ng utak at gulugod; at/o sepsis, isang impeksyon ng dugo na madalas na humahantong sa pinsala sa organo.

Ang bakteryang ito ay madaling kumalat sa pamamagitan ng mga patak sa hangin mula sa pag-ubo o pagbahing, o sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnay sa isang nahawaang tao. Kasama dito ang paghalik o pagbabahagi ng mga bagay tulad ng pagkain, kubyertos, mga inumin, lip chap o mga sigarilyo/mga vape.

Humigit-kumulang 10 porsiyento ng mga malulusog na indibidwal ay nagdadala ng bakteryang ito sa kanilang ilong o lalamunan nang hindi nagkasakit ngunit naikakalat pa rin ito sa iba.

Ang mga komplikasyon ng meningococcal na sakit ay maaaring magsama ng pangmatagalang pagkawala ng pandinig, kapansanan sa pag-iisip at mga pagputol ng paa. Ang meningococcal na sakit ay pumapatay sa isa sa bawat 100 taong nahawahan.

## Bakit magpabakuna?

Ang pagbabakuna ay ang pinakamahasag na paraan upang maprotektahan ka at ang iyong pamilya laban sa malubhang mga sakit. Ang bakunang ito ay pinakamabisang kapag ibinigay bago ang pagkakalantad sa sakit.

Ang bakunang ito ay nagpoprotekta laban sa apat sa

mga pinakakaraniwan at malubhang mga uri ng meningococcal na sakit - A, C, Y, at W-135. It ay 80 hanggang 85 porsiyentong mabisa.

Kung ang iyong anak ay nakatanggap ng bakuna sa Meningococcal Conjugate C (Men-C) bilang isang sanggol, dapat pa rin silang makatanggap ng bakuna sa Men-C-ACYW-135 dahil nagbibigay ito ng proteksyon laban sa mga karagdagang uri.

## Sino ang karapat-dapat na mabakunahan?

Ang bakuna ay regular na inaalok sa mga mag-aaral sa baitang 7 na may natitirang pagiging karapat-dapat hanggang sa katapusan ng baitang 12. Ang bakunang ito ay ibinigay bilang isang solong dosis.

Ibinibigay din ito ng libre sa mga bata at mga nasa hustong gulang na may mataas na peligro ng meningococcal na sakit, tulad ng mga may ilang mga kondisyong medikal o sa mga malapit na nakipagkontak sa isang kaso. Para sa karagdagang impormasyon sa pagiging karapat-dapat, tingnan ang Talahanayan 3 ng [Iskedyul ng Pampublikong Pinondohang Pagbabakuna para sa Ontario](#).

Inirekomenda ang bakunang ito, ngunit hindi ibinigay ng libre, para sa mga may panganib sa trabaho, mga nabubuhay o naglalakbay sa isang lugar na may mataas na peligro para sa meningococcal na sakit at para sa sinumang nagnanais na maprotektahan laban sa meningococcal A, C, Y at W-135 na mga uri.

Mahalagang tandaan na ang pagiging epektibo ay bumababa sa paglipas ng panahon. Ang mga dosis ng booster (pampalakas) ay maaaring inirekomenda tuwing 5 taon para sa mga nasa patuloy na panganib.



## Sino ang hindi dapat makakuha ng bakuna?

- Sinuman na may matinding alerhiyang reaksiyon sa anumang bahagi ng bakuna o lalagyan nito.
- Sinumang nagkaroon ng malubhang alerhiyang reaksiyon sa bakuna na ito noong nakaraan.
- Sinumang may mataas na lagnat o malubhang impeksyon na mas malala kaysa sa isang sipon.
- Sinumang nabakunahan sa loob ng nakaraang apat na linggo kasama ang isa pang bakuna sa Men-C-C.

Kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o may isang kasaysayan ng Guillain-Barre Syndrome (GBS) sa loob ng anim na linggo ng isang nakaraang bakuna, mangyaring makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagkuha ng bakunang ito.

## Ano ang aasahan pagkatapos ng pagbabakuna?

Ang Men-C-ACYW-135 na bakuna ay ligtas at mahusay na napapahintulutan.

Ang mga hindi kanais-nais na epekto, kung mangyari ito, ay karaniwang banayad at nawawala sa loob ng mga ilang araw. Kasama sa mga karaniwang hindi kanais-nais na epekto ang pamumula, pamamaga at/o pagsakit sa lugar ng iniksiyon.

Ang pagsakit ng ulo, lagnat, pagkapagod, pagkahilo, pagkaduwal at pagsakit ng kalamnan ay maaari ring mangyari, ngunit hindi gaanong karaniwan.

Ang mga malubhang alerhiyang reaksiyon (hal. anaphylaxis), bagaman bihira, ay isang panganib sa pangangasiwa ng anumang bakuna. Inirerekomenda na manatili ka sa isang kapaligiran ng klinika sa loob ng 15 minuto pagkatapos ng pagbabakuna dahil ito ang pinakakaraniwang tagal ng panahon kapag magaganap ang anaphylaxis

## Manatiling napapanahon sa iyong mga pagbabakuna

Tiyakin na binago ng iyong tagapagbigay ng

pangangalagang pangkalusugan ang iyong personal na talaan ng pagbabakuna (dilaw na kard) pagkatapos mong makatanggap ng isang bakuna. Panatilihin ang iyong mga tala sa isang ligtas na lugar.

Kung ang iyong anak ay dumadalo sa lisensyadong pangangalaga sa bata o paaralan, mangyaring ipagbigay-alam sa Pamublikong Kalusugan (Public Health) kapag ibinigay ang isang bakuna. Maaari mong iulat ang mga bakuna sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa online:** Ang Pakikipag-ugnay sa Pagbabakuna ng Ontario [Immunization Connect Ontario (ICON)] na kagamitan na makukuha sa [immunizewdg.ca](http://immunizewdg.ca) ay nagpapahintulot sa iyo na mag-ulat at makita ang tala sa pagbabakuna ng iyong anak.
- **Email:** [vaccine.records@wdgpublichealth.ca](mailto:vaccine.records@wdgpublichealth.ca)
- **Telepono:** 1-800-265-7293 ext. 4396
- **Fax:** 1-519-836-2986

## Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:

- Pamublikong Kalusugan ng Wellington-Dufferin-Guelph (Wellington-Dufferin-Guelph Public Health): [wdgpublichealth.ca](http://wdgpublichealth.ca)
- Ministeryo ng Kalusugan ng Ontario (Ontario Ministry of Health): [www.ontario.ca/page/vaccines](http://www.ontario.ca/page/vaccines)
- Immunize Canada: [www.immunize.ca](http://www.immunize.ca)
- Mga Iskedyul ng Pamublikong Pinondohang Pagbabakuna para sa Ontario: [www.health.gov.on.ca/en/pro/programs/immunization/schedule.aspx](http://www.health.gov.on.ca/en/pro/programs/immunization/schedule.aspx)